Para sa mga Magulang

Komisyon ng Edukasyon sa Lunsod ng Nagoya

# PABATID UKOL SA PAGTANGGAP NG TULONG-PANANALAPI SA PAGPAPAARAL NG BATA

**（Para sa mga Batang Nakatakdang Pumasok sa Elementarya sa Taon 2025）**

◎ Kung sakaling kinilalang kuwalipikado、matatanggap ang laan na salapi para sa pagpasok sa paaralan (入学準備金/Nyuugaku Junbi Kin) na（57,060 円）bago sumapit ang araw ng pagpasok sa elementarya（katapusan ng buwan ng Pebrero）. Para sa mga nagnanais na matanggap ang salapi bago ang pagpasok sa paaralan ay sundin lamang ang pamatnubay at ipasa ang aplikasyon at iba pa sa paaralan sa araw ng pagsusuri sa kalusugan ng inyong anak para sa pagtunton sa unang baitang ng pag-aaral sa elementarya.

◎ Para din sa mga hindi nakapagpasa ng aplikasyon sa naitakdang araw、maaarin ipasa ito matapos na makapasok sa paaralan.
（Muling magpapamahagi ng pabatid matapos na makapasok sa paaralan.）

◎ Para sa mga tumatanggap ng tulong-pananalapi sa pamumuhay 生活保護費/Seikatsu Hougo Hi（tulong sa pag-aaral/教育扶助/Kyouiku Fujo）, matatanggap ang laan na salapi para sa pagpasok sa paaralan mula sa tulong-pananalapi sa pamumuhay.
（Paalala lamang na hindi makakatanggap ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral ng anak.）

Ang Lunsod ng Nagoya ay may proyektong tulong-pananalapi sa pambayad sa pananghalian sa loob ng paaralan, pambayad sa mga kagamitan sa pag-aaral at iba pang kinakailangan na gastusin sa pag-aaral sa paaralan para sa mga taong nahihirapang magpaaral sa kanilang anak sa elementarya・junior high school sanhi ng kanilang suliraning pangkabuhayan. **Kinakailangang magpasa ng aplikasyon para makatanggap ng tulong-pananalapi sa pag-aaral..**

## 1　Mga taong takdang makatanggap

（maliban sa ③, kinakailangan na ang lahat ng miyembro ng pamilya ay tugma sa mga parehong kaurian/ pamantayan.）

① Mga taong nangangailangan ng tulong-pananalapi sa kabuyahan（要保護者）ayon sa Batas ng Pangangalaga sa Kabuhayan.

② Mga taong nahinto sa pagtanggap o natanggal na sa pagtanggap ng tulong- pananalapi sa kabuhayan（※Hindi kabilang ang kadahilanan ng pagkawalang-bisa na pagbabago sa pamilya (pagpapakasal atbp.) .）

③ Mga taong tumatanggap ng sustento mula sa pamahalaan para sa pag-aaruga sa dependeng anak na bata o sustento sa bata（児童扶養手当/Jidou Fuyou Teate）（※Hindi kabilang ang 児童手当/Jidou Teate (Suporta para sa Bata)、ひとり親家庭手当等/Hitori Oya Katei Teate to (Suporta para sa Single Parent o iba pang mga suporta.）

④ At sa mga taong may iba pang uri ng suliraning pangkabuhayan

***Sa isang pamilya na binubuo ng 4 na katao, ang halaga ng kabuuang kita sa loob ng isang taon para mahirang na makatanggap ay hanggang sa halaga na ¥5,900,000.***

| Bilang ng miyembro ng Pamilya/ | 2 miyembro sa pamilya | 3 miyembro sa pamilya | 4 na miyembro sa pamilya | 5 miyembro sa pamilya | 6 na miyembro sa pamilya | higit sa 7 miyembro sa pamilya |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **所得基準額** /Pamantayan sa Halaga ng Kinita | **￥3,219,000** | **¥3,456,000** | **¥4,179,000** | **¥4,850,000** | **¥5,377,000** | (sa bawat 1 taong karagdagan) **¥456,000 na karagdgan** |

【Kung sakaling mas mababa o kasinghalaga lamang ng nakasaad sa itaas na pamantayan ang kinalabasang kabuuang halaga matapos na maiawas ang ¥100,000 sa kabuuang halaga ng kinita sa loob ng isang taon ng bawat miyembro ng pamilya sa taon 2023（Enero～Disyembre）】

**※Ang「総所得金額/Soushotoku Kingaku/Kabuuang Halaga ng Kita」na nakasaad sa 市民税/Sertipikasyon ng Buwis Pangmamamayan sa Lungsod・県民税証明書(Kenmin Zei Shoumei Sho/Sertipikasyon ng Buwis Pangmamamayan ng Lalawigan o Perpektura・森林環境税証明書(Shinrinkan Kyouzei Shoumeisho/Sertipikasyon ng Buwis Pangkapaligiran at Pangkagubatan ang siyang gagamitin na「所得/Shotoku/Kita」sa pagsusuri. Hindi ang kinita sa loob ng isang taon.**

Sanggunian：源泉徴収票/GensenChoushuu Hyou/Tax Withholding Slip 「給与所得控除後の金額/Kyuuyo Shotoku Koujo Go no Kingaku/Halaga matapos ang kaawasan mula sa kinita」、市民税・県民税・森林環境税決定通知書「総所得金額」/Shimin Zei・Kenmin Zei・Shinrinkan Kyouzei Kettei Tsuchisho 「Soushotoku Kingaku」/Pabatid para sa Takdang Buwis Pangmamamayan ng Lunsod・Lalawigan ng「Kabuuang Halaga ng Kinita sa loob ng isang Taon」、確定申告書/Kakutei Shinkoku/Tax Declaration Slip「所得金額合計/Shotoku Kingaku Goukei/Kabuuang Halaga ng Kita」atbp.

※Ang tinutukoy na「世帯/Setai (Pamilya/Sambayan)」sa tulong-pananalapi sa pagpapaaral ng bata (anak) ay ang lahat ng tao na nakatira sa iisang bahay. Bagaman bukod ang kabuhayan at sertipikasyon ng tirahan ng lolo't lola at kasamang naninirahan, kabilang pa rin sila iisang sambahayan o pamilya. Kung sakaling ang bumubuhay sa pamilya ay nakatira sa ibang lugar dahil sa nadestino sa trabaho oiba pa, bagaman hindi kasamang naninirahan sa bahay, kabilang pa rin sa iisang pamilya/sambahayan.

※Sakaling ang kita ay bumaba ng husto dahil sa mga hindi maiiwasang mga pangyayari tulad ng napinsala o nagkasakit, nawalan ng trabaho ( natanggal sa trabaho,nalugi ang negosyo),may pagkakataon na isaalang-alang kahit na ang kita ay humigit sa pamantayang halaga.Sumangguni lamang sa paaralan.( hindi nabibilang ang mga nagretiro sa trabaho・kusang umalis sa pinagtatrabahuhan)

| |
|---|
| Sa pagsasalang-alang sa epekto ng pagtaas ng mga presyo, kasalukuyang isinasagawa na itaas ang halaga ng pamantayan ng kita. |

## ２　Panahon ng Pag-aapruba at Pagpapatibay ng Aplikasyon

Ang panahon ng pag-aaproba at pagpapatibay ng aplikasyon ay magmula sa 2025, Pebrero hanggang sa Agosto.Bagaman nakatira sa loob ng lungsod ng Nagoya sa oras ng pagpasa ng aplikasyon nguni't lilipat ng tirahan sa labas ng lungsod ng Nagoya hanggang sa katapusan ng buwan ng Enero ay hindi na kabilang. Kung lilipat ng tirahan sa labas ng lungsod mula sa buwan ng Pebrero at hindi na makakapasok sa pampublikong paaralang elementarya ng lungsod ng Nagoya, ang aprubadong makukuhang tulong pananalapi ay hanggang sa buwan ng Marso na lamang. Tandaan lamang, na kung nais na patuloy tumanggap ng tulong pinansiyal para sa mga bagong papasok sa paaralan makaraan ang Setyembre 2025, ay kumpletuhin lamang ang patuloy na pamamaraan ng aplikasyon sa pamamagitan ng gabay mula sa paaralan sa bandang buwan ng hunyo.

## ３　Mga Bagay na Dapat Bigyang Pansin・At iba pa

① **Kung sakaling lumipat ng tirahan sa ibang lunsod matapos na makatanggap ng 入学準備金(Nyuugaku Junbi Kin)/laan na salapi para sa pagpasok sa paaralan, ipagbibigay-alam ng lunsod ng Nagoya sa inyong nilipatang munisipalidad at iba pa na kayo ay nakatanggap na ng nabanggit na laan na salapi.** （Hindi makakatanggap ng doble o ng 2 beses.）

② Ang mga impormasyon na may kinalaman sa tulong-pananalapi para sa pagpapaaral ng bata (anak) ay pawang mga personal na impormasyon kaya't ito'y pinangangalagaang mabuti upang hindi makarating sa kaalaman ng iba.

③ Kapag napag-alaman na may kamalian na iniwasto o pagkakamali sa nilalaman ng inyong aplikasyon at hindi ito umabot sa kinakailangang pamantayan sa pag-aapruba, may posibilidad na mapawalang-bisa ang pagkakaapruba ng aplikasyon. Sa ilalim ng kapangyarihan ng munisipalidad, may pagkakataon na susuriin ang katayuan ng sambahayan, kita sa loob ng isang taon at iba pa, kung may pag-aalinlangan sa nilalaman ng aplikasyon.

④ **Kung nagbago ang sitwasyon ng sambahayan sa panahon na inaaprubahan ang tulong-pananalapi para sa pagpapaaral ng bata/anak (pagbabago ng guardian/tagapangalaga, ikakasal muli, paglipat ng tirahan, kasamang maninirahan ang lolo't lola, nadagdagan ang mga miyembro ng pamilya, atbp.), mangyaring ipagbigay-alam kaagad sa paaralan. Kung madagdagan ang miyembro ng pamilya dahil sa muling pagpapakasal, ititigil nang panandalian ang pagbibigay ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral. Kung nagnanais ng patuloy na pagtanggap ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral ay kinakailangang magpasa ng aplikasyon sa ilalim ng bagong (pangalan) sambahayan. At sakaling mabawasan ang miyembro ng pamilya dahilan ng paghihiwalay o diborsiyo ay patuloy pa ring makakatanggap ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral.**

⑤ Ang pag-aaproba o pagpapatibay・pagbibigay tulong-pananalapi sa pagpapaaral para sa buwan ng Abril ~ Agosto, 2024 ay ayon sa paunang pagtatalaga sa laang-gugulin (budget) para sa taong 2025. Pakibigyan-pansin lamang na depende sa sitwasyon ay mayroong mga pagkakataon na hindi maaaprubahan・maibibigay ang katulad sa nakasaad sa pamatnubay na ito.At para sa mga may anak na magsisipagtapos ng pag-aaral sa junior high school (chuugakkou) sa taong ito, ang panahon ng pagtanggap sa tulong-pananalapi sa pagpapaaral ng inyong anak ay hanggang sa Marso, 2025.

⑥ Para sa mga nasalanta ng lindol, malakas na pag-ulan at iba pang kalamidad, makipagsanggunian lamang sa paaralan ukol sa pamamaraan ng pagpapasa ng aplikasyon.

## ４　Sanggunian（Detalye sa PagTanggap at Panahon ng Pagtanggap）

※Panukala para sa kasalukuyang buwan ng Setiyembre, 2024.

Kung sakaling maaaprubahan、ang mga detalyeng ito ay magsisilbing sanggunian sa pagtiyak sa halagang matatanggap; kaya't itabi na mabuti.

| Partikular | Halaga ng Salapi | Panahon o Araw ng Pagbibiay ng Tulong-Pananalapi |
|---|---|---|
| Laan na salapi para sa pagpasok sa paaralan | 57,060 円 | 2025, Pebreo 25<br>※ Ito ay para lamang sa mga taong nakumpleto o natapos ang pagpoproseso ng mga papeles sa araw o bago sumapit ang 2025, Pebrero 1. Kung sakaling nakapagpasa ng aplikasyon makalipa ang unang araw ng pagpasok sa paaralan, sa Hunyo 2 maibibigay ang tulong-pananalapi sa pagpapaaral o pag-aaral ng anak. |
| Gastusin sa mga Kagamitan sa Pag-aaral | para sa unang (1) Semestre：5,670 円<br>para sa ika-2 semestre：4,320 円<br>para sa ika-3 semestre：3,240 円 | Para sa unang (1) semestre：　2025, Hunyo 2<br>Para sa ika-2 semestre：2025, Oktubre 27<br>Para sa ika-3 semestre：2026, Enero 26 |
| Gastusin para sa On-line Correspondence Study | para sa unang (1) Semestre：5,880 円<br>para sa ika-2 semestre：4,640 円<br>para sa ika-3 semestre：3,480 円 | Pagkatapos simulang gamitin ang tablet terminal na para sa araling pambahay ng bata na kasalukuyang pumapasok sa paaralan. |
| Pambayad sa pananghalian sa paaralan | Halaga ng gastusin | Ang punong-guro mismo ng paaralan ang magbabayad sa institusyon na naghanda ng pananghalian sa paaralan.　(Hindi ito ibibigay nang tuwiran sa mga magulang.) |
| Pambayad sa pamasahe sa pagpasok sa paaralan | Halaga ng gastusin | Ang makakatanggap ng tulong-pananalapi para sa halagang nagastos sa pamasahe para sa pagpasok sa paaralan ng mga mag-aaral ay ang mga mag-aaral sa elementarya na ang layo ng tirahan sa pinapasukang paaralan ay higit pa sa 4 km.・junior high school, na higit pa sa 6 km; na natatanging isinaalang-alang ng paaralan na gumamit ng pampublikong transportasyon sa pagpasok sa paaralan. (Walang batayan sa distansiya sa pagbibiyahe sa pagpasok sa paaralan ang mga mag-aaral na nasa 特別支援学級/Tokubetsu Shien Gakkyuu (special class.)　Ang buwan sa pagtanggap ng tulong-pananalapi para sa pamasahe sa pagpasok ng mag-aaral sa paaralan ay sa buwan ng Hulyo, Oktubre, Enero. |
| Pambayad sa pagpapagamot sa nahawang sakit galing sa paaralan | Halaga ng gastusin | Ang punong-guro mismo ng paaralan ang magbabayad sa klinika o ospital sa mga gastusin sa pagpapagamot sa sakit na nakuha sa paaralan ng mga mag-aaral, na nakatanggap ng pag-uutos mula sa paaralan na magpagamot. (Hindi ito tuwirang ibibigay sa magulang.)<br>※Ang sakit na tinaguriang 学校病/Gakkou Byou o sakit na nakuha sa loob ng paaralan ay ang trakoma (impeksyon sa balintataw ng mata), conjunctivitis (pamamaga o pamumula ng balok ng mata), tympanitis (pamamaga ng gitnang loob ng tainga), chronic sinusitis (hindi gumagaling na implimasyon o pamamaga ng saynus o mga saynus, butas na papunta sa guwang ng puno ng nana, lalo na ng bungo o bao ng ulo), bulok na ngipin, adenoid o nasapharyngeal tonsillitis (pamamaga ng lalaugan at tonsil) parasitic disease or infection (karamdamang likha o galing sa mga parasito) at mga partikular na sakit sa balat. |
| Pambayad sa mga papeles ukol sa pangangasiwa sa pagtuturo sa pamumuhay sa loob ng paaralan | Halaga ng gastusin (Limitado o maximum na halaga 3,000 円) | Makakatanggap ng halagang pambayad sa gastusin sa papel na sinulat ng doktor ukol sa pangangasiwa sa pagtuturo sa pamumuhay sa loob ng paaralan sa mga mag-aaral na may allergy sa pagkain, sakit sa puso・may sakit sa bato. Kinakailangan ng resibo mula sa klinika/ospital. Matatanggap sa 6/25 ang para sa buwan ng Abril at Mayo; at sa iba pang sumusunod na buwan ay tuwing ika-25 ng kasunod na buwan. |

※Kung sa kalagitnaan ng semestre na-aprubahan　ang aplikasyon,ang mga bayarin para sa mga kagamitan sa pag-aaral at bayarin para sa online na pag-aaral ay ibibigay ang ilang bahagi mula sa halaga na nakasulat sa itaas.

※At hindi makakatanggap ng tulong-pananalapi para sa gastusin sa "online learning communication"　kung hindi gamit sa pag-aaral ang tablet terminal ng paaralang pinapasukan ng anak.

※Ang mga pamilya na tumatanggap ng tulong-pananalapi sa kabuhayan「生活保護/Seikatsu Hogo」ay makakatanggap ng tulong-panalalapi

sa pagpapaaral ng anak na nauukol lamang sa mga gastusin sa ikskursyon (field trip) at pagpapagamot sa sakit na nakuha mula sa paaralan. Ang iba pang mga gastusin ay manggagaling sa tulong-pananalapi sa kabuhayan.

※**Bago pumunta sa doktor para magpagamot** sa sakit na nakuha mula sa paaralan **ay huwag kalilimutang kumuha sa paaralan ng「治療明細書/Chiryou Meisai Sho (Papel ukol sa Dahilan ng Pagpapagamot)」at iba pa. Dalhin ang nasabing papel sa klinika o ospital. Uunahin o bigyang pagpapahalaga ang mga batang mag-aaral na mayroong 子ども医療証/Kodomo Iryou Shou (Child's Medical Card/Tarhetang Medisina ng Bata para sa Pagpapagamot o ひとり親家庭医療証/Hitori Oya Iryou Shou (Single Parent Medical Card/Tarhetang Medisina para sa Nag-isang Magulang (ama o ina) lamang).**

※Sa oras na nagpasa ng aplikasyon ang magulang na nagnanais na maipadala ang tulong-pananalapi sa pamamagitan ng banko (bank transfer), bilang alituntunin, ito ay tuwirang ipadadala sa banko na nasa pangalan ng magulang (parent's bank account). Ang nakarehistrong pangalan ng nagbayad o nagpadala ng pera (account name) ay「エンジョナゴヤシ/Enjou Nagoya-shi」.　Gayon pa man, kung sakaling may hindi nabayaran sa koleksyon ng mga bayarin sa paaralan na saklaw ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral, kahit na nagpasa pa ng aplikasyon para maipasok sa banko ang tulong-pananalapi sa pagpapaaral, ang pera ay ibabayad sa paaralan.

## ５　Mga Ipapasang Papeles

・**Aplikasyon sa patuloy na pagtanggap ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral ng bata**

**Tiyakin na nasulatan ang mga bahaging may shade o diniliman.**

Para sa 世帯状況欄/Kolumna sa Kalagayan ng Pamilya/Sambahayan ay **isulat lahat ang pangalan ng mga miyembro ng pamilya na kabilang sa isang sambahayan.**

**Kung sakaling sang-ayon at pumirma mismo ang puno ng pamilya (householder) sa kolumna na「同意/Pagsang-ayon」ng aplikasyon ay hindi na kinakailangan ng mga papeles na sertipikasyon.**

※Sa mga may anak na 2 o higit pa na takdang makatanggap、magpasa lamanng aplikasyon sa bawat anak.

※Kahit na tumatanggap din ng tulong-pananalapi sa pag-aaral ang kapatid, kinakailangang magpasa ng aplikasyon.

・**Papel ng Aplikasyon sa Kahilingan na Tuwirang Ipadala sa Libreta ng Deposito sa Banko ang Tulong-Pananalapi sa Pagpapaaral ng Bata (Anak)　（hindi na kailangang magpasa ang mga magulang nakasalukuyang tumatanggap ng tulong pananalapi sa pamumuhay ）**

・**Mga Patunay na Dokumento/Papeles**（kailangan ito kapag walang pirma ang puno ng pamilya sa kolumna ng「同意欄」, at walang pagsang-ayon ）

※Bukod sa hindi pagsang-ayon ,**para sa mga lumipat ng tirahan sa lungsod ng Nagoya magmula noong Enero 2, 2024 at hindi pa nakapagdeklara ng kita,** kapag magkaiba ang tirahan sa anak, dahil sa hindi makukuha ang impormasyon,**kailangan magpasa ng mga patunay na dokumento.**

| Kategorya | Mga papeles na magpapatunay sa mga sitwasyon na nasa kaliwa<br>(Maaaring kopya o seroks) | Lugar na magbibigay o makukuhanan ng sertipikasyon |
|---|---|---|
| ① | **Sertipikasyon sa Pagtanggap ng Tulong-Pananalapi sa Pamumuhay**. | 区役所民生子ども課 Kuyakusho Minsei Kodomo Ka (Kagawaran ng Pampublikong Kapakanan para sa mga Bata ng Munisipyo)<br>支所区民福祉課 /Shisho Kumin Fukushi Ka (Sangay na Tanggapan ng Kagawaran sa Kapakanan ng mga Mamamayan Sa Distrito)<br>(社会福祉事務所/Shakai Fukushi Jimusho)/Tanggapan ng Panlipunang Kapakanan |
| ② | **保護決定通知書（停止・廃止）/Hogo Kettei Tsuuchi Sho (Teishi・Haishi)Pabatid ukol sa Napagdesisyunan sa Tulong-Pananalapi sa Kabuhayan (Pagsuspinde・Pagpapawalang-bisa)（ Pagsuspinde・Pagpapawalang-bisa**【Magmula Abril 2, 2023】) | |
| ③ | **児童扶養手当証書/Jidou Fuyou Teate Shou Sho (Sertipikasyon ng Sustento Mula sa Pamahalaan para sa Pag-aaruga sa Dependeng Anak na Bata)**<br>(Ang panahon ng pagtanggap ay【Magmula sa Nobyembre, 2023】) kopya<br>※ Kailangan ang kopya (xerox) ng pahina na may tatak ng hanko o selyo ng 社会福祉事務所長/Shakai Fukushi Jimusho-cho/pinuno ng Tanggapan ng Panlipunang Kapakanan<br>※Suporta para sa bata、suporta sa single parent o iba pang mga suporta ay hindi naaangkop dito.<br>※ Kung sakaling tumatangap ng 児童扶養手当/Jidou Fuyou Teate (Tulong-Pananalapi o sustento mula sa pamahalaan para sa pag-aaruga sa dependeng anak na bata) sa dahilan na isa sa mga magulang ay may mabigat na kapansanan, maaari lamang na isama ang papel na magpapatunay na mayroong mabigat na kapansanan (gaya ng kopya ng “Handicapped Handbook” /障害手帳 (Shougai Techou) o Hanbuk ng mga Taong may Kapansanan atbp.. | |

| | | |
|---|---|---|
| ④ | 世帯全員分市民税 (Setai Zen In Bun Shimin Zei)/)/**Sertipikasyon ng Buwis Pangmamayan sa Lungsod ng lahat ng miyembro ng pamilya**・県民税証明書(Kenmin Zei Shoumei Sho/Sertipikasyon ng Buwis Pangmamamayan ng Lalawigan o Perpektura (Maaari ang kopya/seroks<br>※ Kailangan ng sertipikasyon para sa taon 2024 **(kita para sa taon ng 2023),**<br>※Itinuturing na depende ayon sa Batas ng Pagbubuwis, maliban ang mga bata na nag-aaral sa high school pababa. | 市税事務所/Shi Zei Jimusho/ (Tanggapan sa Pagbubuwis ng Municipal)・出張所 /Shucchou Sho (Sangay ng Tanggapan),<br>区役所/Kuyakusho (Ward Office)・支所の税務窓口/Shisho no Zeimu Madoguchi (Bintanilya sa Buwis ng Sanggay ng Tanggapan) |

## ６　Pamamaraan ng Pagpapasa ng Aplikasyon・Takdang Araw ng Pagpasa ng Aplikasyon

Sa oras ng pagsusuri sa kalusugan ng batang tutunton sa unang baitang ng pag-aaral sa elementarya

Ipasa ang aplikasyon sa kinauukulang paaralan.

Kung sakaling hindi ninyo naipasa ang aplikasyon sa oras ng 就学時健康診断 (Shuugakuji Kenkou Shindan) Pagsusuri sa Kalusugan ng mga Batang Tutunton sa Unang (1) Baitang ng Pag-aaral sa Elementarya, pakidala lamang ang nasabing papel sa nakatakdang papasukang paaralang elementarya ng inyong anak; sapagkat kahit sa anumang oras ay tinatanggap ng paaralan ang aplikasyon. **Ngunit、ang mga makakatanggap lamang ng 入学準備金 (Nyuugaku Junbi Kin)/laan na salapi para sa pagpasok sa paaralan ay ang mga tao na nakapagpasa at nakumpleto ang pagpoproseso ng mga papeles sa araw o bago sumapit ang 2025, Enero 31（Biyernes）**（Kung sakaling hindi natapos ang proseso hanggang sa huli o takdang araw, sundin lamang ang pabatid na ipinamahagi matapos na makapasok sa paaralan at mag-apply.）

## ７　PABATID UKOL SA RESULTA NG PAGSUSURI AT PAGPAPASIYA

Batay sa ipinasang aplikayson, ang Komisyon sa Edukasyon ang magsusuri at magpapasiya kung karapat-dapat na makatanggap ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral ng bata (anak).

**Bilang alituntunin, ang resulta ng pagsusuri ay ipapadala ng takdang papasukang paaralan sa inyong nakarehistrong tirahan sa pamamagitan ng koreo（ordinaryong sulat）.**

Kung ang naging resulta ng pagsusuri ay mayroong kakulangan sa mga papeles, ipagbibigay-alam din ito sa inyo ng nakatakdang papasukang paaralang elementarya ng inyong anak sa pamamagitan ng koreo (pangkaraniwang koreo/ordinary mail). Sundin lamang ang mga pag-uutos;isagawa ang mga hakbang at pamamaraan sa pagpapasa o pagpoproseso ng aplikasyon.

**【MATATAWAGAN UKOL SA TULONG--PANANALAPI SA PAGPAPAARAL NG BATA /ANAK】**名古屋市教育委員会学事課/Nagoya-shi Kyouiku Iin Kai Gakuji Ka（TEL 052-972-3217、FAX 052-972-4175）o sa pinapasukang paaralan ng inyong anak.

**Aplikasyon para sa Pinansyal na Suporta sa Pag-aaral**
**(Batang Tutuntong sa Unang (1) Baitang sa Elementarya sa Taong 2025, buwan ng Abril)**

(Patutunguhan)**Komisyon ng Edukasyon sa Lunsod ng Nagoya** _____ Taon _____ Buwan _____ Araw

**Punong-Guro ng Paaralang ____________________**

Sapagkat ako ay nagnanais na makatanggap ng–suportang panustos sa pag-aaral ng bata, sumasang ayon ako sa mga sumusunod at aking ipinapasa ang aplikasyon kasama ang mga kinakailangang dokumento.

・ Para sa layunin ng eksaminasyon, titingnan ng Board of Education ang Resident Register at School Age Register at ang lahat ng mga taong kasamang nakatira sa bahay, atbp, at iimbestigahan ang sitwasyon ng sambahayan kung kinakailangan.
・ Gagamitin ng Board of Education ang impormasyong nakuha mula sa aplikasyon at pagsusuri para sa administratibong pagproseso ng suportang panustos sa pag-aaral ng bata.
・ Sa pagkakataon na maaprubahan ang aking aplikasyon sa pagtanggap ng suportang panustos sa pag-aaral ng bata, ako ay sumasang-ayon na ipagkatiwala sa punong-guro ng paaralan ang pangangasiwa sa mga bagay na may kinalaman sa paghiling・pagtanggap at pagbabayad na magmumula sa suportang panustos sa pag-aaral ng bata.
・ Kung sakaling hindi pa nakumpleto ang pagpaparehistro sa bank transfer, ang punong-guro ng paaralan ay dapat na italaga upang tumanggap ng bayad mula sa suportang panustos sa pag-aaral.
・ At kung sakaling may hindi nabayaran sa mga bayarin sa paaralan, aking binibigyang pahintulot ang punong-guro ng paaralan na kaltasin ang kaukulang halaga ng mga bayarin mula sa suportang panustos sa pag-aaral.

※Kung lilipat ng papasukang pampublikong paaralan na nasa Lunsod ng Nagoya, ang mga ipinagkatiwalang gawain na may kinalaman sa suportang panustos sa pag-aaral ay ipapahintulot na mailipat sa kapangyarihan ng punong-guro ng bagong lilipatang paaralan.

Aplikante (Magulang/Tagapangalaga)
Pangalan (Sulat kamay ng magulang) ______________________________

| | | |
|---|---|---|
| Tirahan | Machi (Town), Banchi (Street No.) Bango (No.)<br>Nagoya-shi ______ ku | Apartment, Mansion, Room No. |

**Kalagayan ng Sambahayan (Isulat ang pangalan ng lahat ng kasamang nakatira sa bahay)**

| Pangalan | Relasyon (kaugnayan sa mag-aaral) | Kapanganakan | Pinagtatrabahuhan o Pinapasukang Paaralan・Baitang |
|---|---|---|---|
| Furigana | Mismong Mag-aaral | ・ ・ | Nagoya Shiritsu ______ Gakkou<br>Nakatakdang Tumunton sa Unang (1) Baitang ng Pag-aaral (2025, Abril) |
| | Magulang<br>Relasyon ( ) | ・ ・ | |
| | | ・ ・ | |
| | | ・ ・ | |
| | | ・ ・ | |
| | | ・ ・ | |
| | | ・ ・ | |
| | | ・ ・ | |
| | | ・ ・ | |

**Kaurian ng Aplikasyon・Rason**

(Pakibilugan 〇 ang isa lamang sa naaangkop na bilang ng kaurian.)

| | |
|---|---|
| 1 | Tumatanggap ng tulong-pananalapi sa kabuhayan (Seikatsu Hogo/生活保護). |
| 2 | Nahinto o napawalang-bisa ang pagtanggap ng tulong-pananalapi sa kabuhayan. |
| 3 | Tumatanggap ng sustento mula sa pamahalaan para sa pag-aaruga sa anak na bata (Jidou Fuyou Teate/児童扶養手当). |
| 4 | Ang halaga ng kinikita sa isang taon ay mas mababa sa halaga ng batayan ng kinikita.<br>※ Mangyaring isulat ng detalyado kung mayroong pangyayari tulad ng divorce mediation, kung saan kayo ay hiwalay at iba ang inyong kabuhayan, at kung hindi isinama bilang miyembro ng sambahayan.<br>( ) |

<table>
<tr><td rowspan="6">Pagsang-ayon</td><td colspan="4">Sumasang-ayon ka ba na alamin o kumpirmahin ng Komisyon ng Edukasyon ang mga bagay-bagay ukol sa mga kinakailangang impormasyon para sa isasagawang pagsusuri sa pagtanggap ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral sa anak, gaya ng mga impormasyon ukol sa mga naninirahan o naktira sa iisang bahay mula sa pangunahing listahan ng mga naninirahan , pagtanggap ng tulong-pananalapi sa kabuhayan, pagtanggap ng sustento mula sa paaralan para sa dependeng anak na bata・kinita sa loob ng isang taon; pagbabasa at pagsusuri sa nilalaman ng mga nakasulat sa aplikasyon・paghawak at pagpsasagawa sa mga papeles?</td></tr>
<tr><td rowspan="5">Bilugan ang alinman sa A・B</td><td>A</td><td colspan="2">Oo, ako ay sumasang-ayon. ※ Pakiusap na pinuno ng pamilya ang mismong magsusulat sa ibaba ↓</td></tr>
<tr><td colspan="3">※ Sa oras ng aplikasyon ay hindi kinakailangan ang mga papeles na magpapatunay (証明書類/Shoumei Shorui). Subalit kung hindi namin malipon o makalap ang kinakailangang kabatiran ay isumite lamang ang mga papeles na magpapatunay/sertipikasyon (Kung sakaling ang ipinasang aplikasyon ay para sa Kaurian ng Aplikasyon「4」ng isang hindi nakarehistrong residente sa Lunsod ng Nagoya simula noong Enero 1, 2024, kinakailangan ng sertipikasyon para magkaroon ng sapat na impormasyon ukol sa kinita.<br>※ Kapag walang pangalan na nakasulat ay ituturing na walang pagsang-ayon.<br><br>Pangalan ng pinuno ng pamilya (sulat kamay ng tinutukoy) ______________________</td></tr>
<tr><td colspan="3">( kapag may mga taong kasamang naninirahan gaya ng lolo at lola na hiwalay nang rehistro ng tirahan. Kailangan din ang pangalan na sulat kamay ng pinuno ng pamilya nito.)<br><br>Pangalan ng pinuno ng pamilya (sulat kamay ng tinutukoy) ______________________</td></tr>
<tr><td>B</td><td colspan="2">Hindi ako sumasang-ayon. Ang mga kinakailangang papeles o sertipikasyon ay aking ilalakip.</td></tr>
</table>

| Tala (para sanggunian) | | Numero na itinalaga sa taong naaprobahan | |
|---|---|---|---|

Ang paaralan ang magsusulat sa kolumna na ito. この欄は学校が記入します。

（様式１の５）

# 就学援助費　口座振替申込書（新小学1年生用）

年　　月　　日

名古屋市教育委員会　宛て

| | | |
|---|---|---|
| 保護者 | 住所 | |
| | 氏名 | |

| | | |
|---|---|---|
| 児　童 | 氏名 | |

名古屋市から保護者あて支給される就学援助費について、下記の銀行口座に振り替えてください。

（※ ただし、学校徴収金のうち就学援助の対象となっているものについて未納が生じた場合、学校に支払う場合があります。）

| | | | |
|---|---|---|---|
| 金融機関名 | | 銀行コード | |
| 支店名 | 支店 ・ 出張所 | 支店コード | |
| 預金種別 | 普通 | | |
| 口座番号 | | | |
| 口座名義人 | | | |
| コウザメイギ | | | |

左詰に記入し、氏と名の間は１文字あけてください。

〔通帳のコピーを貼付してください〕

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ※教育委員会使用欄 | 処理年月日 | | 入力 | | 確認 | |

（様式１の５）

# 就学援助費　口座振替申込書（新小学1年生用）

(Aplikasyon para sa Kahilingan na Tuwirang Maipadala sa Deposito sa Banko ang Tulong-Pananalapi sa Pagpapaaral ng Bata (Para sa mga Batang ...arya))

> Pangalan ng Magulang na nasa listahan ng mga batang papasok sa paaralan (Pakisulat ang pangalan na nakasulat sa tinanggap ng 就学時健康診断の案内 (Shuugakuji Kenkou Shindan no Annai)/Pamatnubay ukol sa Pagsusuri sa Kalusugan ng mga Batang Tutunton sa Unang (1) Baitang ng Pag-aaral sa Elementarya.

令和 6 年 10 月 4 日

| | | |
|---|---|---|
| 保護者 (Pangalan ng Magulang) | 住所 (Tirahan) | 名古屋市中区三の丸三丁目1－1 |
| | 氏名 (Pangalan) | 名古屋　太郎 |

| | | |
|---|---|---|
| 児　童 (Pangalan ng Mag-aaral) | 氏名 (Pangalan) | 名古屋　一郎 |

名古屋市から保護者あて支給される就学援助費について、下記の銀行口座に振り替えてください。(Ipadala po lamang sa banko (bank account) ng magulang na nakasulat sa ibaba ang tulong-pananalapi sa pagpapaaral ng bata (anak) na itinakda ng Lunsod ng Nagoya sa magulang ng mag-aaral.)

※ ただし、学校徴収金のうち就学援助の対象となっているものについて未納が生じた場合、学校に支払う場合があります。(※Ngunit, 、kung may pagkakataon na hindi nagawang bayaran ang mga bayarin na sakop ng tulong-pananalapi sa pagpapaaral ng anak sa oras ng koleksyon ng mga bayarin sa paaralan, may pagkakataon na ito'y tuwirang babayaran sa paaralan.)

> Pakitsek lamang ang 銀行コード/Bank Code・支店コード/Branch code na nakasulat sa inyong libreta o pakitsek sa

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 金融機関名 (Bank Name) | 三の丸　銀行 | 銀行コード (Bank Code) | 9 | 9 | 9 | 9 |
| 支店名 (Branch) | 丸の内　支店(Branch)・出張所(Sub-branch) | 支店コード (Branch Code) | 1 | 1 | 1 | |
| 預金種別 (Account Type) | 普通 | | | | | |

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 口座番号 (Account Number) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | | | | | | | | |
| 口座名義人 (Account Name) | 名古屋　太郎 | | | | | | | | | | | | | | |
| コウザメイギ (Account Name) | ナ | コ | ゛ | ヤ | | タ | ロ | ウ | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | | | | |

> Para sa「口座名義人/Account Name」、pakisulat lamang ang pangalan ng magulang na nakasulat sa itaas.

*Punan o sulatan mula sa kaliwa 、 mag-iwan ng 1 puwang sa pagitan ng apelyido*

**※Pakilakip lamang ang kopya ng libreta（bahagi na malalaman ang 金融機関/Bank Name・支店名/Branch・口座番号/ Account Number・口座名義人/Account Name）upang maiwasan ang anumang pagkakamali sa pagpapadala ng pera sa banko (bank transfer).**

**※Para sa mga magulang na ang itinalagang padadalhang banko ay ゆうちょ銀行/Yuuchou Ginkou, isulat lamang ang「振込用の店名/Branch for Bank Transfer・口座番号/Account Number」ng 受取講座/Receiving Account o**

〔通帳のコピーを貼付してください〕

〔Pakidikit ang kopya ng libreta sa banko〕

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ※教育委員会使用欄 | 処 理 年 月 日 | | 入力 | | 確認 | |